Para sa Mga Nangungupahan

Proactive Rental Housing Inspection Program (PRHIP)

PROSESO

01 May isyu?

Kung may isang item sa iyong tahanan na maaaring nangangailangan ng pagkukumpuni, makipag-ugnayan agad sa may-ari ng pinauupahan o tagapamahala ng ari-arian at sa Code Enforcement ng Lungsod ng Long Beach. Kailangan mong gumawa ng dokumentasyon sa pamamagitan ng pagsusulat ng iyong kahilingan at maglaan ng isang kopya.

02 Mga Pagkumpuni

Maglaan ng makatuwirang panahon para sa pagkumpuni. Sa maraming kaso, ang may-ari o tagapamahala ng ari-arian ay magsisimulang magtrabaho sa iyong kahilingan sa lalong madaling panahon pagkatapos gawin ito. Sa kasalukuyan, isinasaad ng batas ang 30 araw bilang makatuwirang haba ng panahon upang matugunan ang karamihan ng mga pagkumpuni.

03 Inspeksyon

Nakikipag-ugnayan ang Lungsod sa nangungupahan o nagrereklamong partidong humihiling para sa petsa ng inspeksyon. Nakikipagpulong ang mga tauhan ng Code Enforcement sa nangungupahan sa mismong ari-arian at nagsasagawa ng isang inspeksyon upang patunayan na ang lahat ng mga pamantayan sa kalusugan at kaligtasan ay natutugunan. Tuturuan din ng mga tauhan ang mga nangungupahan tungkol sa tamang pagpapanatili at mga gawi sa kalinisan.

04 Pagtupad

Kung may napansing paglabag, maglalabas ang Lungsod ng isang abiso tungkol sa mga naobserbahang paglabag sa may-ari ng ari-arian at nagtatakda ng petsa upang maisagawa ng may-ari ang pagtupad. Kung nagpapatuloy ang paglabag nang walang isinagawang pagtatama, maglalabas ang Lungsod ng isang administratibong citation sa may-ari. Ang patuloy na hindi pagtupad ay magreresulta sa multang accelerated na administratibong citation, pagbanggit ng kaso sa Opisina ng Prosecutor, at pagsusumbong sa State of California Franchise Tax Board

05 Pag-asikaso

Ang mga tauhan ng Code Enforcement ay patuloy na susubaybay sa ari-arian upang matiyak ang ganap na pagpapatupad.

Manirahan nang Mahusay.
Mabuhay nang Mahusay.

Ang proactive na programa ng inspeksyong kinakailangan para sa mga residensyal na inuupahang gusaling binubuo ng apat o higit pang mga unit.

Mga pangunahing sukatang tumitiyak na ang isang matagumpay na programa ay nakatakda na: Mataas na porsyento ng pagtupad, customer satisfaction at patuloy na pagbaba ng pagkawasak sa kapitbahayan.

Kompidensyal ang lahat ng reklamo. Ang mga may-ari at residente ng mga pinapaupahang pag-aari ay may tukoy na mga karapatan at pananagutan sa ilalim ng mga batas ng estado at lokal. Nagsisikap ang Lungsod na tiyaking ang lahat ng reklamo ay mananatiling walang pagkakakilanlan.

Ordinansang Proactive Rental Housing Inspection Program (PRHIP)

Upang mapangalagaan ang stock ng disente, ligtas at malinis na paupahang tahanan, nagtatag ang Lungsod ng Long Beach ng isang Proactive Rental Housing Inspection Program. Binuo ang Programa upang panatilihin ang mga pamantayan ng pagiging natitirahan, protektahan laban sa pagkawasak at siguruhin ang pagtupad ng buong Lungsod sa papamagitan ng mabisa at epektibong pagpapatupad ng Code ng Munisipyo ng Long Beach.

Maraming taon nang ipinapatupad ng Lungsod ang Programa nang naaayon sa California Health and Safety Code. Binibigyang-daan ng Ordinansang PRHIP ang Programa na mai-codify na ngayon sa Long Beach Municipal Code. Higit pa, tinutugunan ng Ordinansa ang pag-aabiso sa may-ari ng ari-arian at ang pamamahagi ng handout para sa Mga Karapatan at Pananagutan ng Nangungupahan/Nagpapaupa.

KOMPIDENSYAL

Mga Reklamo?

Bukod sa proactive na proseso ng inspeksyon, tutugon ang Lungsod sa mga kwalipikadong reklamo ng nangungupahan sa anumang oras: 562.570.6504.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa PRHIP, tumawag sa 562.570.6504 o bumisita sa www.lbds.info/prhip

This information is available in alternative format by request at 562.570.3807.

Esta información está disponible en un formato alternativo, previa solicitud al 562.570.3807.

Available ang impormasyong ito sa alternatibong format kung hihilingin sa 562.570.3807.

ព័ត៌មាននេះអាចរកបានជាទម្រង់ឯកសារផ្សេងតាមសំណើ ដោយការហៅទូរស័ព្ទទៅលេខ 562.570.3807។

Para sa isang elektronikong bersyon ng dokumentong ito, bisitahin ang aming website sa www.lbds.info.

LONG BEACH
DEVELOPMENT SERVICES
BUILDING A BETTER LONG BEACH

twitter.com/@LongBeachDS
facebook.com/LongBeachDevelopmentServices